MEMO

Mula sa: KTKS
Para sa: Mga namumunong organo at yunit ng Partido
Paksa: Karagdagang Paglilinaw sa mga Usaping Kaugnay ng Pakikibakang Elektoral
Petsa: Enero 31, 2004

---

Batay sa mga konsultasyon at ulat, nakikita ang malaking pagsulong sa pag-unawa at pagpapatupad ng mga organisasyon ng Partido sa rebolusyonaryong dalawahang taktika at mga taktikang alyansa sa reaksyunaryong eleksyon. Di hamak na mas mawalak at mas maagap ang paghahanda ng mga rebolusyonaryong pwersa para sa aktibong pakikitungo sa reaksyunaryong eleksyong 2004. Gayunman, marami pa rin tayong mga pagkukulang, limitasyon at problema. Inilalabas ang mga sumusunod bilang paglilinaw sa ilang tampok na usapin:

1. Itinataguyod natin ang ilang multisektoral at sektoral na party list para mapakinabangan nang husto ang ating baseng masa at impluwensya sa labanang elektoral at, kaalinsabay, masamantala ang mga oportunidad sa labanang elektoral para lalong palawakin at palakasin ang baseng masa at kilusang masa. Minabuti nating suportahan ang party list ng kabataan—sa kabila ng ilang agam-agam—dahil ang pwersa, pamumuno at pusisyon ng rebolusyonaryong kilusan sa sektor ay sapat para magsulong ng isang malakas na kampanyang pambansa at ang gayong kampanya ay lalo pang magpapalakas ng rebolusyonaryong kilusan sa sektor.

2. Para sa maayos na kabuuang pagpaplano at koordinasyon at para hindi maaksaya ang pagod, rekurso at boto bunga ng sobrang pagkakahati-hati o di kaya'y pagbabanggaan ng mga pwersa at pagsisikap—itutuon ang kabuuang prayoridad sa 2 multisektoral na partido, kasunod ang party list ng kababaihan. Alinsunod dito, titiyakin ng mga kinauukulang namumunong organo sa pambansang antas at mga rehiyon ang pangkalahatang alokasyon ng target na boto base sa minimum na target na 3-2-1 (Nlp-Ap-Ag). Ang botong lampas sa minimum na target ay ilalaan sa ikalawang partidong multisektoral para makapagpanalo ng tatlo. Pero depende sa aktwal na momentum ng kampanya ng mga partido, pwede ring lumitaw na mas tiyak at higit ang pakinabang kung ilalaan iyon sa party list ng kababaihan o kabataan. Kailangan ang mahigpit na pagtutulungan at koordinasyon ng mga pambansang organo at mga komiteng rehiyon para maipatupad ang pinakamainam na alokasyon ng boto, mamaksimisa ang mga pakinabang, at makagawa ng mga kinakailangang pag-aangkop ayon sa aktwal na takbo ng kampanya.

   Dapat tiyakin ng mga namumunong organo ang tamang alokasyon ng mga kadre, aktibista at organisadong pwersa para sa makinarya at kampanya ng mga partido sa iba't ibang saklaw at antas. Pagkatapos nito, ang pinakamahalaga ay ang pag-engganyo at paglalarga sa kanilang inisyatiba at pagkamapanlikha para makapagpakilos at makarekrut ng pinakamalaking bilang, makaugnay sa pinakamaraming alyado, at makaabot at makakabig sa pinakamalaking tipak ng masa sa target na sektor at saklaw. Kailangan ang kumbinasyon ng sentralisadong paggabay, koordinasyon at pagtutulungan, at ng marami, iba-iba at sabay-sabay na inisyatiba.

   Ang pagpapatupad ng optimum na alokasyon ng boto ay nangangailangan ng ditalyadong pagbabalak at koordinasyon hanggang sa mga lokalidad at malapit na paggabay sa baseng masa laluna sa mga pinakamahalagang konsentrasyon ng lakas at impluwensya ng mga rebolusyonaryong pwersa. Pero kailangang magmatyag laban sa komandismo at burukratismo,

gayundin sa makitid na sektarismo kaugnay nito. Iwasan ang komandistang pag-obliga sa masa na bumoto ayon sa mekanikal na pormula. Hindi rin pwedeng mekanikal na hati-hatiin ang mga saklaw at ilimita sa isa o dalawa lamang na tinokahang progresibong party list ang pangangampanya sa bawat saklaw laluna't pangunahing sentro ng populasyon ang pinag-uusapan. Huwag ding hangarin ang di makatotohanang antas ng pagdiditalye at pagpipirmi ng alokasyon ng boto, laluna kung hahantong sa sobrang pagpapakalulong dito at sa pagkakahati-hati ng pwersa at masa. Bagamat ito ay mahalagang gabay sa alokasyon ng pwersa at rekurso, at sa pagsubaybay at panapanahong pagtatasa sa takbo ng kampanya, hindi dapat kaligtaan na ang tunay na kabuuang diin ng kampanya ay ang pag-ugnay ng mas maliit na relatibong sulong na seksyon ng masa sa di hamak na mas malawak na panggitna at nahuhuling mga seksyon, ibig sabihin, ang pag-abot sa pinakamalaking bilang ng mamamayan.

Kailangan ang tamang balanse sa pagitan ng kabuuang prayoridad sa pambansang antas at sa mga rehiyon—at tamang alokasyon ng pwersa ayon dito—at ng partikular na kapakanan at mga plano ng mga sektor. Bigyang-puwang hangga't maaari ang todong mobilisasyon ng mga organisasyong sektoral sa kampanya ng party list ng sektor. At kung kailanganin man ang malaking pagbabago sa disposisyon at gawain nila, batay sa plano at desisyon ng kinauukulang namumunong komite ng Partido, kailangang pangalagaan ang integridad sa organisasyon ng nasasangkot na organisasyong sektoral at iproseso sa loob nito ang desisyon. Kaalinsabay, ang mga organisasyong sektoral, kahit may kanya-kanyang prayoridad at plano, ay kailangang palaging magbigay ng karampatang pansin sa mga tungkulin sa kabuuang kilusan at magbigay ng puwang para sa mobilisasyon ng bahagi ng organisasyon sa kampanya ng mga prayoridad na party list.

3. Bagamat mas mulat at mas malawak ngayon kumpara sa nakaraan, ang gawain at mga taktikang alyansa natin sa eleksyon sa maraming rehiyon at lokalidad ay umiinog sa kalakhan sa paglaban sa mga sagadsaring reaksyunaryo at kontrarebolusyonaryo, pagsingil ng PTC at negosasyon para sa mga kagyat na pakinabang (armas, pondo at iba pang rekurso). Malaki pa ang dapat ilawak at iunlad mula dito. Isang matingkad na pagkukulang ang paglampas at pagkasayang ng maraming pagkakataon na makapagpwesto ng mga progresibong kandidato sa iba't ibang antas. Sa maraming lugar na may sapat tayong lakas at impluwensya, walang malinaw na balak o di kaya'y nahuli tayo sa pagpapasok ng mga kandidato sa mga tiket ng mga kaalyado. May tendensya rin sa ilang lokalidad na umiwas sa pagsuporta ng mga partikular na kandidato at sa gayo'y umiwas na makipagbanggaan o makaantagonisa sa mga lokal na paksyong reaksyunaryo kapag sila'y nanyutralisa na o nakikipaglaro na sa rebolusyonaryong kilusan. Samantalang mulat tayo sa pagpapakaunti hangga't maaari ng kalaban at tumpak ang pag-iwas sa mga di kinakailangang banggaan, kailangan ding patuloy na palawakin at palakasin ang mga progresibo.

   Kailangang sunggaban ang natitira pang panahon para suportahan ang mga kandidatong progresibo, mas pahigpitin pa ang pakikipagtulungan sa iba pang mapagkaibigan at, kaalinsabay, maghabol ng mas malaki at mas matibay na mga bentahe, gaya ng bahagi sa alokasyon ng mga pusisyong hihirangin, mga pondo at proyekto. Mapapakinabangan ng masa ang mga ito, magagamit para sa dagdag na maniobra o suporta sa mga pakikibaka, at makatutulong sa paghahanda para sa mas malawak at mas malakas pang interbensyon sa susunod pang mga reaksyunaryong eleksyon.

4. Ang paniningil ng BHB ng PTC, sa ngalan ng rebolusyonaryong pamahalaang bayan, ay bahagi ng pagpapairal ng rebolusyonaryong kapangyarihang pampulitika at hindi kataka-takang

manggalaiti laban dito ang AFP at mga ahente nito sa psywar. Tungkulin nating ipagtanggol ang PTC at igiit ang paniningil nito. Kaalinsabay, isang bahagi lamang ito ng gawain at mga taktikang alyansa sa pakikitungo sa mga kandidato, iba-ibang grupong pulitikal at mga blokeng may kapangyarihan sa iba't ibang antas. Bukod sa pahintulot na mangampanya sa mga base at sonang gerilya, naririyan ang naiiba at mas masaklaw pero kunektado pang mga usapin sa pagtutulungan laban sa pinakamasahol na mga reaksyunaryo, pagtugon sa mga hinaing ng masa, at pagkakasundo sa mga kaayusang katanggap-tanggap at kapakipakinabang sa magkabilang panig at sa masa. Gaya ng iba pang pakikipag-alyansa, binibigyan natin ng higit na timbang ang mga pakikipagkasundong kapaki-pakinabang sa kilusang masa, sa gawaing propaganda at sa armadong pakikibaka.

5. Kailangang masigasig na isulong ang mga pakikibakang masa at taktikal na opensiba sa panahon at pagkatapos ng eleksyon. Mahigpit na hinihingi ang mga ito ng napakatinding krisis ng reaksyunaryong sistema at walang habas na pananalasa ng mga patakarang antinasyunal, antimasa at pasista. Isang pangunahing salik sa tagumpay ng progresibong pwersa sa eleksyong 2001 ang daluyong ng mga protestang masa at taktikal na opensiba sa kasukdulan ng pakikibaka para patalsikin ang reaksyunaryong rehimeng Estrada. Ang mga pakikibakang masa at taktikal na opensiba ang angkla ng rebolusyonaryong dalawahang taktika sa reaksyunaryong eleksyon.

Eof\\